Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-15 NG PEBRERO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ANTONIO B. DICTADO - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Kagawad
3. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
4. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
5. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
6. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
7. Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO - Kagawad
8. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
9. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 31-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Bustamante)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG AT NAGPAPATIBAY NA ANG SEKTOR NG KABABAIHAN, SEKTOR NG INDUSTRIYA AT SEKTOR NG AGRIKULTURA/PANSAKAHAN AY MAPABILANG SA REPRESENTASYON SA KAPULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang Sektor ng Kababaihan, Industriya at Pansakahan ang mas nakararaming bilang sa bayan ng Santa Rosa na kinakailangan na magkaroon ng representasyon o kinatawan sa kapulungan ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, itinatadhana ng batas na ang Sangguniang Bayan ang siyang may tungkuling mag-aral, magsiyasat kung aling sektor sa bayan ang mas mahalaga, malaki ang bilang at higit na nangangailangan ng kinatawan sa Sangguniang Bayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapahayag at pagpapatibay na ang Sektor ng Kababaihan, Sektor ng Industriya at Sektor ng Agrikultura/Pansakahan ay mapabilang sa representasyon sa kapulungan ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-7 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-15 ng Pebrero, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim